


9

Filipino

Unang Markahan – Modyul 2: Panitikang Asyano Nobela ng Indonesia/Pilipinas



**Filipino– Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 2: Panitikang Asyano – Nobela ng Indonesia/Pilipinas
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Almera M. Carido

Editor: Ellen Duka- Tatel

Tagasuri: Anita D. Subebe, Susan S. Bellido, Maria Laarni M. Recentes, Emma P. Tormis
Jennifer S. Ontolan, Nelia S. Lim

Tagaguhit: Almera M. Carido, Swelyn E. Forro

Tagalapat: Marvin D. Barrientos

Tagapamahala: Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Ma. Liza R. Tabilon

Lilia E. Abello

Evelyn C. Labad

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Filipino

Unang Markahan – Modyul 2: Panitikang Asyano- Nobela ng Indonesia/Pilipinas

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Maligayang pagdating sa ikalawang bansa sa Asya, kaibigan! Ako ay nagagalak na natapos mo at natutuhan ang aralin tungkol sa maikling kuwento ng Singapore. Napakagaling!

Ngayon narito akong muli, si Kokoy, ang iyong kaibigan upang samahan ka sa iyong paglalakbay.

Tara na sa Indonesia at ating alamin ang isa pang uri ng kanilang panitikan, ang nobela.

Ngayon naman, handa ka na bang mamangha sa bago nating aralin? Alam kong sabik ka nang kilalanin at alamin ang isang nobela na pinamagatang “Takipsilim” at “Timawa”. Pamilyar ba ito sa iyo? Ang nobelang ito ay may iba’t ibang layunin at mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay ng opinyon.

Pagkatapos ng ating paglalakbay inaasahan ko na iyong:

1. Nauuri ang mga tiyak na bahagi sa akda na nagpapakita ng katotohanan, kabutihan at kagandahan batay sa napakinggang bahagi ng nobela. **(F9PN-Ic-d-40)**
2. Nasusuri ang tunggaliang tao vs. sarili sa binasang nobela. **(F9PB-Ic-d-40)**
3. Nabibigyan ng sariling interpretasyon ang mga pahiwatig na ginamit sa akda. **(9PT-Ic-d-40)**
4. Nasusuri ang pinanood na teleseryeng Asyano batay sa itinakdang pamantayan. **(F9PD-Ic-d-40)**
5. Naisusulat ang isang pangyayari na nagpapakita ng tunggaliang tao vs. sarili. **(F9PU-Ic-d-42)**
6. Nagagamit ang mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay-opinyon (sa tingin/akala/pahayag/ko, iba pa). **(F(WG-Ic-d-42)**



Subukin



Tara! Sagutin mo muna ang gawaing ito. Madali lang ito para sa iyo.

Gawain 1. Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawain nang mabuti ang sumusunod na mga pahayag. Sagutin ang bawat tanong at isulat ang titik sa sagutang papel.

1. Anong ugali ang ipinapakita ng kanilang ama sa kaniyang mga anak pagkatapos mamatay si Mui-Mui?
 - A. mapagmahal
 - B. lasenggero
 - C. iresponsableng ama
 - D. walang pakialam sa mga anak
2. Anong pangyayari sa kanilang pamilya ang nakapagpabago sa ugali ng kanilang ama?
 - A. Ang pag-iyak ng kanilang ina
 - B. Ang pagkamatay ni Mui-Mui
 - C. Ang pagkaalis niya sa pinagtatrabahoan
 - D. Ang pagmamakaawa ng kanilang mga kapatid
3. Ano ang naging hanapbuhay ni Andres sa Amerika?
 - A. pagwawalis
 - B. pagsasayaw
 - C. paghuhugas ng pinggan
 - D. pagtitinda ng mga prutas
4. Saan nangyari ang karanasang bumago sa takbo ng buhay ni Andres?
 - A. China
 - B. Amerika
 - C. Pilipinas
 - D. Malaysia

5. Palaging sinabi ng aking Ama ang pahayag na ____na siyang gabay ng aking buhay
 - A. “magsikap ka”
 - B. “magtrabaho ka”
 - C. “maglingkod ka nang tapat”
 - D. “pagbutihin mo ang iyong pag-aaral”
6. Isa sa mga adhikain ni Ama ang maging isa akong____.
 - A. guro
 - B. pulis
 - C. enhinyero
 - D. manggagamot
7. Ang pagsasagawa ng piyesta ay isa sa mga halimbawa ng ____ ng mga Pilipino.
 - A. kaugalian
 - B. kultura
 - C. pamahin
 - D. pagpapahalaga sa gawain
8. Sino sa mga tauhan ng nobela ang nagbibigay inspirasyon sa mga mahihirap upang hindi sila aapihin?
 - A. Andres
 - B. Bill
 - C. Alice
 - D. Ama
9. Bakit masyadong masama ang ugali ni Andres nang siya ay umuwi?
 - A. natalo sa sugal
 - B. pinagalitan ng amo
 - C. nasisante sa trabaho
 - D. hindi binigyan ng sahod
10. Kanino inihalintulad ng ama ni Andres ang pahayag na “Timawa”?
 - A. aso
 - B. pusa
 - C. isda
 - D. kambing

Aralin

1

Nobela ng Indonesia: Takipsilim sa Diyakarta Nobela ng Pilipinas: Timawa



Magaling! Alam kong nasagutan mo nang tama ang bahaging Subukin. Natitiyak kong magiging makulay pa ang ating paglalakbay sa mahiwagang panitikan ng Pilipinas at Indonesia.

Ating galugarin ang mundo ng nobela nina **Agustin Fabian at Mochtar Lubis** na pinamagatang “**Timawa**” (Unang kabanata) at “**Takipsilim sa Diyakarta**” na parehong isinalin sa Filipino ni **Aurora E. Batnag**.



Balikan

Balikan muna natin ang ating nakaraang paglalakbay. Naalala mo pa ba ang huli nating pinag-aralan?

Tumpak! Tungkol sa kuwentong makabanghay na may pamagat na “**Ang Ama**” na nagmula sa Singapore na isinalin sa Filipino ni Mauro R. Avena. Ito ay nakatuon sa suliraning kinakaharap ng isang ama sa pamilya at kung paano ito nakaapekto sa sikolohiya ng mga anak.

Natutuhan din natin ang iba’t ibang pang-ugnay na higit na makatutulong sa pag-unawa sa kuwento.

Nais kong sukatin ang iyong natutuhan. Halika, sagutin mo ito.

Gawain 2

Panuto: Magbigay ng tatlong mahahalagang pangyayari sa kuwentong “**Ang Ama**”. Gamitin mo ang angkop na *transitional devices*.

1.
2.
3.



Tuklasin



Handa ka na ba sa susunod na gawain?

Halika na kaibigan! Basahin na natin ang nobelang sinulat ni **Mochtar Lubis (isinalin ni Aurora E. Batnag)** na pinamagatang “**Takipsilim sa Dyakarta**”.

Paano mo kaya mabigyan ng interpretasyon ang mga pahiwatig na ginamit ng may-akda? Paano mo rin maipakikita ang katotohanan, kabutihan at kagandahan ng nobela?

Sa bahaging ito basahin ang isang nobela na pinamagatang “**Takipsilim Sa Dyakarta**” ng Indonesia, akda ni Mochtar Lubis (salin ni Aurora E. Batnag). Ito ay makikita sa **Kanlungan 9 p.66-77**.



Suriin



Salamat kaibigan sa matiyaga mong pagbabasa. Nalaman mo ngayon ang tungkol sa isang akda mula sa Indonesia.


Isagawa mo ang sumusunod na mga gawain na alam kong makatutulong sa iyo.

Halika! Simulan mo na kaibigan. Alam kong matiyaga ka. Kaya mo ito!

Gawain 3. Pagbibigay Interpretasyon

Ibigay ang nais ipahiwatig ng sumusunod na mga pahayag mula sa binasang akda.

PAHAYAG	PAHIWATIG
1. Nang bumalik sa bahay si Raden Kaslan, isinara niya ang pinto, pinagkiskis ang mga kamay, at pinaglipat ang tingin kina Suryono at Fatima. Pagkaraan, tumawa siya nang malakas.	
2. Walang katarungan sa mundong ito. Hindi binibigyan ng pagkakataong manatiling tapat ang mga taong gustong maging tapat. Isang munting bahay, iyon lang, at hindi na kailangang isugal pa ang karangalan.	



Pagyamanin



Wow! Ang husay mo kaibigan!
Naibigay mo ang nais ipahiwatig ng mga
pahayag.

Narito pa ang karagdagang gawain.

Gawain 4. Katotohanan, Kabutihan at Kagandahan

Punan mo ang talahanayan ng mga pahayag na nagsasaad ng katotohanan, kabutihan at kagandahan mula sa akda.

Takipsilim Sa Dyakarta		
KATOTOHANAN	KABUTIHAN	KAGANDAHAN
1.		
2.		



Isaisip



Binabati kita kaibigan!
Lalo mong pinaghuusayan
ang iyong mga gawain.

Ngayon naman, aralin natin ang tungkol sa
pagkilala sa mga pahayag kung ang mga ito ay
katotohanan o opinyon.

Tara! Basahin mo ang teksto sa ibaba.

Ang **katotohanan**-isang pahayag na nagsasaad ng ideya o pangyayaring napatunayan at tanggap ng lahat na totoo at hindi mapasubalian kahit sa ibang lugar. Hindi ito nagbabago at maaaring *i-verify* ang pagkamakatotohanan nito sa ibang sanggunian tulad ng mga babasahin at mga taong nakasaksi nito.

Ginagamitan ito ng mga salita o parirala tulad ng:

- pinatunayan ni
- batay sa resulta
- tinutukoy sa/ ni/ ng
- mula kay
- mababasa sa

Ang **opinyon** – pananaw ng isang tao o pangkat na maaaring totoo subalit maaaring pasubalian ng iba. Ito rin ay isang paniniwala na mas malakas pa sa impresyon, mas mahina sa positibong kaalaman na batay sa obserbasyon at eksperimento.

- Kung ano ang paniniwala ng isang tao sa isang particular na bagay at pangyayari
- Saloobin o damdamin
- Ideya o kaisipan
- Hindi maaaring mapatunayan
- Paniniwala, paghuhukom, o paraan ng pag-iisip tungkol sa isang bagay
- Bunga ng iyong nararamdaman at kung paano mo naitindihan ang isang bagay

Ginagamitan ito ng mga salita o parirala tulad ng:

- Sa tingin ko
- Sa aking palagay
- Sa pakiwari ko
- Kung ako ang tatanungin
- Para sa akin
- Sa ganang akin
- Pakiramdam ko
- Naniniwala ako
- Sa nakikita ko

Positibong Opinyon – totoo, ganoon nga, talaga, mangyari pa, sadya

Negatibong Opinyon – ngunit, subalit, samantala, habang

Mula sa National Training on Literacy Instruction



Ang kasunod na gawain ay makatutulong sa 'yo sa pagtukoy sa mga pahayag kung ito ay opinyon o katotohanan.


Gawain 5. OPINYON o KATOTOHANAN

Isulat sa nakalaang patlang kung **OPINYON** o **KATOTOHANAN** ang sumusunod na pahayag.

- _____ 1. Ayon sa DOH, nakapasok na ang *Delta Variant* sa ating bansa.
- _____ 2. Ang mag-aral nang mabuti ay magtatagumpay.
- _____ 3. Sa aking palagay ay uulan ngayon.
- _____ 4. Sinasabi ng aking Ama na pagbutihin ko ang aking pag-aaral.
- _____ 5. Buong akala ko, ikaw ang aking pag-asa.
- _____ 6. Ang sabi ng aking lola lumalabas ang mga engkanto tuwing kabilugan ng buwan.
- _____ 7. Ayon sa balita manipis na ang *ozone layer* dahil sa *climate change*.
- _____ 8. Ligtas sa sakit ang madalas na naghuhugas ng kamay.
- _____ 9. Mahalaga ang koneksyon ng internet sa pagsali sa *online classes*.
- _____ 10. Mga hayop ang tauhan sa pabula.



Wow! Ang husay mo! Napatunayan mo na kayang-kaya mong tukuyin ang mga pahayag na nagsasaad ng opinyon at katotohanan.



Isagawa



Ngayon kaibigan, basahin naman natin ang bahagi ng nobelang **“Timawa”** ni Agustin Fabian mula sa ating bansa.

Tara na!

Ang akdang **“Timawa”** ni Agustin Fabian (Unang Kabanata) sa Pilipinas ay mababasa sa **Kanlungan 9, 80-87**, upang masagot mo ang mga gawain na may kaugnayan sa nasabing nobela.




Salamat sa matagumpay mong pagbasa, kaibigan.

Ngayon, bilugan mo ang kasingkahulugan ng salitang nakasalungguhit sa loob ng bawat pangungusap.

Gawain 6. Pagbibigay kahulugan

Gamit ang *bubble map* sa ibaba, magbigay ng mga salitang maiuugnay sa **timawa**.





Ang tunggalian ay isang elemento ng maikling kwento. Tumutukoy ito sa problemang kinakaharap ng pangunahing tauhan. Ito ang humuhubog sa katauhan ng pangunahing tauhan.

Mga Uri ng Tunggalian

Panloob na Tunggalian

1. **Tao laban sa Sarili** - Ito ay isang uri ng tunggalian na panloob dahil nangyayari ito sa loob ng tauhan. Sa tunggalian na ito ay kalaban ng pangunahing tauhan ang kaniyang sarili. Nakikita o napapansin ito kapag ang pangunahing tauhan ay nahihirapan sa pagdedesisyon, sa tama ba o mali.

Panlabas na Tunggalian

2. **Tao laban sa Tao** - Ito ang pinakaunang halimbawa ng panlabas na tunggalian. Sa tunggaliang ito, ang kalaban ng pangunahing tauhan ay isa pang tauhan. Ito ang klasikong bida laban sa kontrabida na eksena.
3. **Tao laban sa Kalikasan** - Sa tunggalian namang ito, ang pangunahing tauhan ay naapektuhan ng mga puwersa ng kalikasan. *Halimbawa*, ang biglaang pagputok ng bulkan na maaaring maglagay sa pangunahing tauhan sa panganib.
4. **Tao laban sa Lipunan** - Ang pangunahing tauhan sa tunggalian na ito ay nakikipagbanggaan sa lipunan. *Halimbawa* nito ang pagsuway sa mga alituntunin ng lipunan o di kaya ay ang pagtakwil sa kultura ng lipunan.

Mula sa **Kanlungan 9**

Gawain 7. Pagsusuri sa Tunggalian

Isulat sa tapat ng mga pangyayari mula sa akdang “**Timawa**” ang uri ng tunggalian.

Pangyayari	Uri ng Tunggalian
1. “Alam kong ikaw ay isang mabuting tao. Masipag ka. Matalino. Magalang. Ngunit tila ayaw mong makihalubilo sa iba. Tila ayaw mong ikaw ay maabala. Ibinukod mo ang iyong sarili. Tila may lihim kang lakad at ang lahat ng nasa paligid mo’y makaaabala sa iyo.”	
2. Hindi kaagad tumugon si Andres. Tila tinitimbang niya sa marami niyang karanasan ang pinakatampok. Ang totoo ay nag-aalangan si andres na sariwain pa ang malungkot na bahagi ng kanyang buhay.	
3. “Ulila na akong lubos ay wala pa ni isang sentimo. Subalit isinumpa ko sa aking sarili, sa harap ng bangkay ng aking ama, na ako ay pilit na mag-aaral, at ako ay magiging manggagamot. Hahanapin kong pilit ang tagumpay na siyang adhika niyang maging akin.”	

Gawain 8. Pagdedesisyon

Bigyan mo ng reaksiyon ang sumusunod na sitwasyon.

1. Ano ang gagawin mo kung sinabi ng magulang mo na hindi ka na nila kayang pag-aralin pa dahil sa hirap ng iyong buhay?

Ang iyong sagot ay tatayahin sa sumusunod na rubrik

Pamantayan	Puntos
1. Pagkakabuo	10
2. Mekaniks	10
3. Kaangkupan	5
Kabuoan	25



Tayahin

Panuto: Basahin at unawain mo nang mabuti ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.


1. *“Mayroon ba namang gayung araw-araw ay nakabungguang-balikat ay di mo matawag na kapalagayang-loob?”* Anong uri ng tunggalian ang pahayag?
 - A. Tao laban sa tao
 - B. Tao laban sa sarili
 - C. tao laban sa lipunan
 - D. tao laban sa kalikasan
2. Ang babae lang ang dapat ang gumawa ng gawaing-bahay. Ano ang pahayag na ito?
 - A. opinyon
 - B. mensahe
 - C. ekspresyon
 - D. katotohanan
3. Alin sa mga pahayag sa ibaba ang katotohanan?
 - A. Mabait ang bata.
 - B. Ang mga pulitiko ay ibinuto ng mga tao.
 - C. Ang babae lang ang dapat gumagawa ng gawaing-bahay.
 - D. Mas gusto kong magkaroon ng kapatid na babae kaysa lalaki.
4. Batay sa resulta umabot na sa anim na milyon katao ang nahawaan ng corona virus pandemic sa buong mundo. Ang pahayag ay isang---
 - A. Opinyon
 - B. Katotohanan
 - C. Kasinungalingan
 - D. Walang katotohanan
5. Paano nakatutulong ang mga pahayag sa katotohanan sa isang pangyayari?
 - A. Nakapagdaragdag ng impormasyon
 - B. Mga pahayag batay sa sariling paniniwala lamang
 - C. Nakapagpapaisip sa mga taong nakakakita sa mga pangyayari
 - D. Mga pahayag na maaaring maging tulong bilang mga ebidensiya

6. Aminin natin na minsan o madalas ay nakagagawa tayo ng paghuhusga sa ating kapwa. Ano ang iyong gagawin kung tawagin ka ng iyong kapwa na isang “Timawa”?
- A. Masasaktan
 - B. Hindi ko papansinin
 - C. Pababayaang ko lang sila
 - D. Maging positibo sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay
7. _____ mas mainam ang *face to face* kaysa pagsagot ng modyul sa bahay.
- A. Sa aking palagay
 - B. Mababasa sa
 - C. Ganoon nga
 - D. Habang
8. _____ ng sarbey, nangunguna ang bansang Amerika sa dami ng nabakunahan.
- A. Mula kay
 - B. Tinutukoy sa
 - C. Mababasa sa
 - D. Batay sa resulta
9. Ang pagkain ng gulay ay _____ na nakalulusog.
- A. tunay
 - B. subalit
 - C. habang
 - D. sa tingin ko
10. Narinig ni Angela sa kapitbahay na na-covid ang doctor ng pamilya ng ka-opisina niya. Ngunit di niya tiyak kung totoo o *fake news*. Nalilito siya kung sasabihin ba niya sa kaibigan o hindi. Anong uri ng tunggalian ang pahayag?
- A. tao vs tao
 - B. tao vs sarili
 - C. tao vs lipunan
 - D. tao vs. kalikasan
11. Aling salita sa pahayag ng bilang 10 ang nagsasaad ng opinyon?
- A. tiyak
 - B. niya
 - C. ngunit
 - D. narinig

Para sa aytem 12-15

Daig pa si Hitler kung maturingan ang ama noong buhay pa. Di mapaknit sa kanyang gunita ang mukha ng manliligaw na **natunaw ang ngiti** sa labis na kahihyan nang maharap sa ama. Ipinamukha nito sa binata na **lalaking puti at di kayumanggi** ang ninanais niyang maging manugang. Ngayon, ito si Luisa, dalaga at **pinaglipasan na ng panahon**.

12. Batay sa akda, mahihinuhang ang ama ay__
- A. mahigpit
 - B. magiting
 - C. mabangis
 - D. matapang
13. Kung ating bigyang-kahulugan ang mga pangyayari, si Luisa ay ____
- A. mapiling dalaga
 - B. nawalan ng sigla
 - C. lumaking masaya
 - D. tumandang malungkot
14. Sa ika-3 pangungusap, mauunawaang nais ng ama na ang mapangasawa ng anak ay isang__
- A. Indio
 - B. Negro
 - C. Pilipino
 - D. Amerikano
15. Ang **natunaw ang ngiti** ay nangangahulugang _____.
- A. nagalit
 - B. nawala
 - C. napahiya
 - D. nakasimangot



Karagdagang Gawain



Wow! Ang aking taos-pusong pagbati sa iyo mahal kong kaibigan. Pinatunayan mo ang iyong kasipagan sa ating paglalakbay.


Bilang karagdagang gawain, manood ka ng isang paborito mong teleserye.

Magtala ka ng dalawang pangyayari na nagpapakita ng tunggaliang **Tao laban sa Sarili** at dalawang pangyayaring nagpapakita ng tunggaliang **Tao laban sa Tao**. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

Gawing gabay ang talahanayan sa ibaba.

Gawain 9. Ugnayang Telenobela

PAMAGAT NG TELESERYE	
Pangyayari- Tao laban sa Sarili	Pangyayari- Tao laban sa Tao
1.	1.
2.	2.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. A
2. A
3. B
4. B
5. D
6. D
7. A
8. D
9. A
10. B
11. C
12. A
13. D
14. D
15. C

Subukin/Gawain

1

1. A
2. B
3. C
4. B
5. D
6. D
7. A
8. A
9. C
10. A

Gawain-2
Gawain-3
Gawain-4
Gawain-6
Gawain-8
Gawain-9
Nakapende
sa sagot ng bata

Gawain-5
1. katotohanan
2. opinyon
3. opinyon
4. opinyon
5. opinyon
6. opinyon
7. katotohanan
8. opinyon
9. katotohanan
10. katotohanan

1. Tao laban sa tao
2. Tao laban sa sarili
3. Tao laban sa sarili

Sanggunian:

Mga Aklat

Peralta, R.N. et al. (2014), *Panitikang Asyano* 9 Meralco Avenue, Pasig City. Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

Peña, Estrella I. Wong Juliet T. et al. (2016), *Kanlungan* 9 Ikalawang Edisyon, Pandacan, Manila, ELP Campus Journal Printing.

Mga Babasahin

Department of Education, DepED Order 54 54, s.2012, "Policy Guidelines on the Implementation of Alternative Delivery Modes "2012

National Training on Literacy Instruction Handouts

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph